



Filipino

Mga bakuna laban sa COVID-19 para sa may edad na 5 hanggang 11 taon

Mga madalas itanong

Napapanahon noong ika-28 ng Disyembre 2021

Pangkalahatang impormasyon tungkol sa pagbabakuna para sa mga batang may edad na 5-11 taon

| | |
|--|--|
| Maaari bang bakunahan ang mga batang may edad na 5-11 taon? | <p>Oo.</p> <p>Ang tagapangasiwang medikal ng Australya, ang Therapeutic Goods Administration (TGA), ay nag-apruba sa paggamit ng bakunang Pfizer para sa mga batang may edad na 5-11 taon.</p> <p>Ang Australian Technical Advisory Group on Immunisation (ATAGI) ay nagrekomenda rin ng paggamit ng bakunang Pfizer para sa mga batang may edad na 5-11 taon.</p> |
| Kailan maaaring magpabakuna ang mga batang may edad na 5-11? | <p>Ipinahayag ng Pamahalaang Pederal na ang programa ng pagbabakuna para sa mga batang may edad na 5-11 taon ay sisimulan sa ika-10 ng Enero 2022.</p> |
| Saan maaaring magpabakuna ang mga bata? | <p>Makukuha ang mga bakuna sa kalahok na mga:</p> <ul style="list-style-type: none">• klinika ng doktor• botika• Aboriginal Controlled Community Health Organisation• madaling gamitin ng pampamilyang mga sentro ng bakunahan sa Estado. <p>Magkakaroon din ng ilang klinikang bakunahan sa komunidad, kabilang ang ilan sa mga paaralang primarya, sa panahon ng Term 1, 2022.</p> <p>Ang mga magulang at guardian ay maaaring mag-book ng appointment para sa kanilang mga anak sa isang klinika ng doktor o botika sa Australian Government's Clinic Finder (healthdirect.gov.au).</p> <p>Maaari rin silang mag-book sa isang sentro ng bakunahan na pinapatakbo ng estado.</p> |
| Makukuha rin ba ng mga bata ang bakunang Moderna? | <p>Tinatasa rin ng TGA at ATAGI ang bakunang Moderna para sa mga batang may edad na 6-11 taon, na inaasahang matatanggap ang payo sa darating na mga linggo.</p> |

| | |
|--|---|
| <p>Ang anak ko ay magiging 12 taong gulang pagkaraan ng Enero 2022 – dapat ko bang hintayin na maging 12 taong gulang siya para kumuha na lang siya ng dosis para sa mga nasa hustong gulang na?</p> | <p>Mas mainam para sa iyong anak na mabigyan ng kanyang unang dosis sa sandaling siya ay maging marapat, ito ay sa Enero. Kung siya ay magiging 12 taong gulang matapos mabakunahan ng kanyang unang dosis bilang bahagi ng iskedyul para sa 5-11 taong gulang, ang pangalawa niyang dosis ay ang mas mataas na dosis para sa nasa hustong gulang na.</p> |
|--|---|

Mga dosis at pagitan ng bakuna

| | |
|---|--|
| <p>Ang dosis ng bakuna ba para sa mga batang may edad na 5-11 taon ay kapareho ng para sa mga taong may edad na 12 taon pataas?</p> | <p>Hindi, ang dosis ng bakunang Pfizer na ibinibigay sa mga batang may edad na 5-11 taon ay sangkatlong bahagi (one third) ng dosis na ibinibigay sa mga taong may edad na 12 taon pataas.</p> |
| <p>Ilang dosis ang kailangan ng mga batang may edad na 5-11 taon?</p> | <p>Ang inirekomendang iskedyul para sa pagbabakuna sa grupo ng edad na ito ay dalawang dosis, 8 linggo ang pagitan. Ito ay maaaring iklian upang maging 3 linggo sa natatanging mga sirkumstansya, gaya ng:</p> <ul style="list-style-type: none"> • bilang bahagi ng pagtugon sa biglang paglitaw ng virus • bago simulan ang mahalagang immunosuppression (pagpigil sa naturalesa) • bago maglakbay sa ibang bansa. |
| <p>Kailangan ba ng mga batang may edad na 5-11 taon ng mga dosis ng booster?</p> | <p>Hindi pa nagbibigay ang TGA at ATAGI ng mga pag-apruba o rekomendasyon tungkol sa mga dosis ng booster para sa mga batang may edad na 5-11 taon.</p> <p>Aabisuhan ng Pamahalaang Victoria ang komunidad ng anumang mga update sa hinaharap tungkol dito.</p> |

Kaligtasan at mga side effect ng bakuna

| | |
|---|---|
| <p>Paano namin malalaman na ligtas ang bakuna para sa mga batang may edad na 5-11 taon?</p> | <p>Nirerepaso ng TGA at ATAGI ang karagdagang ebidensya at mga datos sa kaligtasan mula sa mga klinikal na pagsubok ng mga bakunang mRNA sa mga batang may edad na 5-11 taon at tunay sa buhay na mga datos mula sa pagbibigay ng bakuna ng Estados Unidos (US) sa grupo ng edad na ito.</p> <p>Sa klinikal na pagsubok sa Pfizer, na kinabilangan ng 3,100 mga bata, walang natuklasang mga alalahanin tungkol sa kaligtasan ng bakuna at walang malubhang mga side effect.</p> <p>Ang bakuna ay ibinibigay na sa mga batang may edad na 5-11 taon sa US, na halos 5 milyong mga bata ang nakatanggap na ng kanilang unang dosis. Sinisimulan na ang mga programa sa Canada, Europa, Israel at sa iba pang lugar.</p> <p>Matapos mabakunahan, ang mga bata ay susubaybayan sa loob ng mga 15 minuto upang tiyaking OK sila. Ang mga batang may kasaysayan ng anaphylaxis ay susubaybayan sa loob ng 30 minuto.</p> |
| <p>May patuloy bang pagsubaybay ng kaligtasan ng bakuna para sa mga bata?</p> | <p>Oo.</p> <p>Nirerepaso ng TGA at ATAGI ang makukuhang klinikal na ebidensya at mga datos sa kaligtasan mula sa mga klinikal na pagsubok ng mga bakunang mRNA sa mga batang may edad na 5-11 taon at tunay sa buhay na mga datos mula sa pagbibigay ng bakuna ng US sa grupo ng edad na ito.</p> <p>Ang AusVaxSafety ay nagsasagawa ng patuloy at masusing pagsubaybay sa kaligtasan ng bakuna sa Australya.</p> |
| <p>Ligtas ba ang mga bakuna para sa mga batang may kapansanan?</p> | <p>Oo.</p> <p>Walang ebidensya na nagpapahiwatig na ang mga batang may kapansanan ay mas malamang na dumanas ng masamang epekto mula sa pagbabakuna kaysa sa ibang mga bata.</p> <p>Ang pagbibigay ng bakuna sa Victoria ay kabibilangan ng makukuhang mga opsyon at suporta para sa mga bata na maaaring may bahagyang pagkabalisa tungkol sa pagbabakuna o kaunting mga isyu sa pag-aasal, pati na rin ang mga batang may kapansanan sa pag-unlad, autism at/o mga isyung pandamdang (sensory issues).</p> <p>May makukuha ring mga serbisyo para sa mga bata na may mas malubhang pagkatakot sa iniksyon (needle phobia).</p> |

| | |
|--|---|
| <p>Ano ang mga side effect ng pagbabakuna sa mga bata?</p> | <p>Tulad ng ibang gamot, lahat ng bakuna ay maaaring magkaroon ng mga side effect.</p> <p>Maaaring dumanas ang mga bata ng karaniwan at inaasahang mga side effect matapos mabakunahan ng Pfizer, gaya ng pananakit ng braso, sakit ng ulo at pagkapagod. Ang mga ito ay karaniwan lamang nagagamot ng paracetamol, at bihirang kailanganin ng mga bata na magpatingin sa doktor para gamutin.</p> <p>Ang mas malubhang mga side effect ay napakabihira.</p> <p>Walang mga alalahanin tungkol sa pangmatagalang kaligtasan ng mga bakunang mRNA sa mga bata, na ang karamihan sa mga iniulat na mga side effect matapos mabakunahan ay nangyayari nang maaga – sa loob ng unang 6-8 linggo.</p> <p>Ang Coronavirus website ng Pamahalaang Victoria ay may karagdagang impormasyon tungkol sa posibleng mga side effect ng bakuna.</p> <p>Maaari mo ring alamin ang higit pa tungkol sa bakunang Pfizer.</p> |
|--|---|

Pagiging marapat at pagsang-ayon

| | |
|---|--|
| <p>Sino ang marapat mabakunahan?</p> | <p>Lahat ng may edad na 5 taon pataas ay maaaring magpabakuna.</p> |
| <p>Sapilitan ba para sa mga batang may edad na 5-11 taon ang pagpapabakuna?</p> | <p>Hindi sapilitan ang pagpapabakuna. Gayunpaman, sa pagpapabakuna, ang mga bata ay tumutulong protektahan ang kanilang mga sarili at ang kanilang mga pamilya, pati na rin ang kanilang mga paaralan at komunidad.</p> <p>Tingnan ang seksyon sa ibaba para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga benepisyo ng pagbabakuna para sa mga batang may edad na 5-11 taon.</p> |
| <p>Kailangan bang magbigay ng pahintulot ang magulang o guardian para mabakunahan ang isang batang may edad na 5-11 taon?</p> | <p>Dapat magbigay ng pagsang-ayon ang magulang o guardian para mabakunahan ang isang batang may edad na 5-11 taon.</p> <p>Sa ilalim ng batas ng Victoria, ang isang batang may edad na 5-11 taon ay hindi makakapagbigay ng sarili niyang pagsang-ayon.</p> <p>Maaaring dumalo ang magulang o guardian sa appointment sa pagbabakuna kasama ng bata at magbigay ng pagsang-ayon para sa kanya.</p> |

Mga benepisyo ng pagbabakuna para sa mga batang may edad na 5-11 taon

| | |
|--|---|
| <p>Nabalitaan ko na ang mga bata ay hindi lubos na nagkakasakit kung sila ay magkaka-COVID-19. Bakit dapat silang bakunahan?</p> | <p>Ang nabakunahang mga bata ay tatanggap ng direktang proteksyon laban sa COVID-19.</p> <p>Bagama't ang mga bata at kabataan ay hindi malamang na magkaroon ng malubhang mga sintomas kung sila ay magkaka-COVID-19 kaysa sa mga taong nasa hustong gulang na, ang ilan ay maaari pa ring magkasakit nang malubha – kabilang dito ang mga bata na may umiiral na kondisyon, gaya ng sobrang katabaan, down syndrome, o cerebral palsy.</p> <p>Ang ilang mga bata at kabataan ay maaari ring magkaroon ng di-gumaling-galing na mga sintomas mahigit sa isa o dalawang buwan makaraang magka-COVID. Ito ay tinatawag na Long-COVID (matagalang-COVID).</p> <p>Ang mga bata ay maaaring magpasa ng COVID-19, ngunit ang pagbabakuna ay tutulong hadlangan ang pagpasa nila ng virus sa ibang bata at mas matandang mga grupo ng edad, kabilang ang mga kapamilya na maaaring may mas mataas na panganib, gaya ng mga lolo at lola.</p> <p>Ang pagbabakuna ng mas maliliit na mga bata ay nangangahulugan din na mas maliit ang tsansa ng pagsasara ng mga paaralan sa hinaharap. Tutulong ito sa mga bata na magkaroon ng pag-aaral na harapan, oras para sa paglalaro, paggawa ng iba't ibang aktibidad, at makasama ang kanilang mga kaibigan.</p> |
|--|---|

Mga taong nagpositibo sa COVID-19 at mga taong nakabukod

| | |
|---|--|
| <p>Maaari bang magpabakuna ang isang tao kung mayroon siyang COVID-19?</p> | <p>Hindi. Kung ang isang tao ay nagpositibo sa COVID-19, dapat siyang umuwi kaagad at magbukod. Kabilang dito ang mga batang may edad na 5-11 taon.</p> <p>Ang isang taong nagpositibo sa COVID-19 ay hindi makalalabas ng kanyang bahay para sa anumang dahilan – kahit na para magpabakuna.</p> |
| <p>Maaari bang magpabakuna ang isang batang may edad na 5-11 taon na nagkaroon na ng COVID-19?</p> | <p>Oo. Maaari siyang magpabakuna sa sandaling nalampasan na niya ang pinakamalalang stage ng virus. Maaaring sabihin sa iyo ng iyong doktor ang higit pa tungkol dito.</p> |
| <p>Maaari bang lumabas at magpabakuna ang isang tao na walang COVID-19, ngunit siya ay nakabukod?</p> | <p>Hindi.</p> <p>Kung ang isang tao ay sinabihang magbukod, dapat niyang sundin ang payo sa kanya kung kailan siya makakalabas ng bahay. Kabilang dito ang mga batang may edad na 5-11 taon.</p> <p>Kung hindi tiyak ng isang tao kung siya ay dapat dumalo o hindi sa pagbabakuna, tawagan ang Coronavirus Hotline sa 1800 675 398 (Pindutin ang 0 para sa isang interpreter).</p> |

| | |
|---|---|
| Dapat bang magpabakuna ang isang bata kung masama ang kanyang pakiramdam? | <p>Hindi.</p> <p>Dapat makipag-ayos ng pagsusuri para sa COVID-19 ang magulang para sa kanyang anak, at panatilihin sa bahay ang bata hanggang sa makatanggap sila ng negatibong resulta kung ang bata ay:</p> <ul style="list-style-type: none">• kahit bahagya lamang ang masamang pakiramdam• nanggaling sa isang lugar ng pagkalantad (exposure site)• naging malapitang contact sa isang taong tao na maaaring may COVID-19. |
|---|---|

Upang tumanggap ng dokumentong ito sa ibang format, tumelepono sa 1300 651 160, gamit ang National Relay Service 13 36 77 kung kailangan, o mag-email sa COVIDvaccination@dhhs.vic.gov.au.
Authorised and published by the Victorian Government, 1 Treasury Place, Melbourne.
©State of Victoria, Australia, Department of Health, December 2021.